# **Mga Balita** | Dateline Philippines



MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



# Pagsulong

Litrato kuha ni Noel Maglaque

Sa pagsilay ng bukang-liwayway sa inyong buhay sa unang araw ng taon ng Enero sa taong ito maaaring naitanong ninyo sa inyong sarili kung ano ang nangyari sa inyo noong isang taon. Habang tumatanda tayo nagkakatotoo ang mga titik ng pamilyar na himno "Ang pagdaan ng oras ay sadyang kay tulin" ("Buhay ay Pagbutihin," *Mga Himno*, 137). Tulad ng puting buhangin ng Boracay na lumulusot sa pagitan ng ating mga daliri, kung hindi tayo maingat, mapag-iiwanan tayo ng panahon at maiiwan sa atin ang maraming gawain. Hinihikayat ko tayo na tiyaking sa pagsisimula ng taong ito ay pagbubutihin natin ang paggamit ng ating oras sa pamamagitan ng paggawa sa mga bagay na pinakamahalaga. Mahirap man o mayaman, hindi makabibili ang sinuman sa atin ng oras sa sari-sari store dahil hindi ipinagbibili ang oras, gayunman kapag ginamit natin sa matalinong paraan ang ibinigay sa ating panahon maraming magagandang bagay ang maisasagawa. Kung gayon, ano ang magbabago sa inyo sa taong ito? Sa inyo nakasalalay ang sagot dito. Gaya ng dahon ng taglagas maaari kayong maanod kung saan saan ng tubig sa sapa o maaari kayong kumilos para sa inyong sarili at magpasiya kung ano ang mararating ninyo sa Bagong Taon na ito (tingnan sa 2 Nephi 2:14). Isaisip ang mga bagay na nais ninyong makamit, isulat ang mga ito, magplano kung paano makakamtan ang mga ito at kumilos. (Tingnan sa Moises 1:4-8.)



**Elder Ian S. Ardern**
Philippines Area Presidency

*Hinihikayat ko tayo na tiyaking sa pagsisimula ng taong ito ay pagbubutihin natin ang paggamit ng ating oras sa pamamagitan ng paggawa sa mga bagay na pinakamahalaga.*



Litrato kuha ni Noel Maglaque



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Dapat alam nating isaayos ang ating mga desisyon upang tumugma sa ating mga mithiin o maiwasan sa susunod na taon ang nangyari sa atin sa taong ito.*

Dahil sa panahong kailangan ninyong iukol sa inyong pamilya, mga kaibigan, paaralan, trabaho, at tungkulin sa Simbahan at marahil ng mga usapin sa barangay, dapat alam nating isaayos ang ating mga desisyon upang tumugma sa ating mga mithiin o maiwasan sa susunod na taon ang nangyari sa atin sa taong ito. Para sa ilan, mangangahulugan ito ng pagbabawas ng oras sa panonood ng telenovela, pagpunta sa mall, at pagte-text o paggamit ng Facebook at pag-uukol ng mas maraming oras sa mahahalagang bagay. Oo, maaaring magpasiya kayo sa taong ito na may iba pang mga priyoridad sa inyong buhay na higit na nangangailangan ng inyong panahon. Itinuro sa ating mabuti ang tungkol sa mga priyoridad ng Panginoon nang sabihin Niya sa Kanyang Sermon sa Bundok, "Datapuwa't [huwag hanapin ang mga bagay ng mundong ito kundi] hanapin muna ninyo ang [kaharian ng Diyos] at ang Kaniyang katuwiran." (JST Matthew 6:38, in Matthew 6:33, footnote *a*; also quoted in Dallin H. Oaks, "Focus and Priorities," *Ensign*, May 2001, 69, and *Liahona*, July 2001, 99).

Ang pangunahing priyoridad, gaya ng ipinakita sa ating mga mithiin sa Area, para sa taong ito ay ang pangangalaga sa pamilya. Sa paglagi ko sa Pilipinas nalaman ko na ang abalang pamumuhay dito ang umaagaw sa maraming mahahalagang sandali sa piling ng mga pamilya, at ito ang totoong nangyayari sa mga narito sa Pilipinas. Ang mahabang oras ng pagtatrabaho sa loob ng anim na araw, pati na ang mabagal at mahabang biyahe sa jeepney sa baradong mga kalsada sa pagpasok at sa pag-uwi ang dahilan kaya't mahirap magkasama-sama ang mga pamilya sa mahahalagang sandali tulad ng pagkain nang sabay-sabay, pagbabasa ng banal na kasulatan at pananalangin. Kahit ganito ang situwasyon, hindi nito dapat baguhin ang ating mga priyoridad at sa halip ay mapakibagayan natin ito upang palagi tayong maging tapat sa pag-uuna sa ating pamilya.

Ang isa pang mahalagang priyoridad ay ang panawagang magligtas. Madalas nating pag-usapan ang tungkol sa pagliligtas sa isa pang tao at mahalaga pa rin iyan pero hindi ko maaaring isantabi ang damdamin na marahil ang pinakadakilang paglilitas na kailangang gawin sa taon na ito ay ang pagliligtas sa sarili. May ilan sa atin na kailangang iligtas mula sa patibong ng hindi pagbabayad ng ikapu at mga handog, ng madalang na pagdalo sa sakrament miting, hindi pagganap sa ating mga tungkulin at hindi pagkakaroon ng current temple recommend. Sa pag-uuna natin sa gayong mga bagay sa ating buhay tatanggap tayo ng mga gantimpala na dagdag na patnubay ng Espiritu at dagdag na kapayapaan sa ating buhay.

Ito ang pinakamainam na panahon; dumarami ang bilang ng mga miyembro ng ating Simbahan. Kapana-panabik na panahon ito habang tumutugon tayo sa panawagan ng propeta na dagdagan ang bilang ng naglilingkod na mga missionary at habang tumutulong tayo sa iba. Ang Simbahan sa Pilipinas ay lumalabas na mula sa kadiliman at nakikilala na sa kabutihan. Salamat sa pakikibahagi ninyo sa dakilang paglitaw na ito, sa pagiging halimbawa na matutularan ng ibang tao at makikilala sa kabutihan. Sa pagtatakda natin ng mga priyoridad at matalinong paggamit ng ating panahon makikita nating sa susunod na taon ay may pagbabago na sa ating buhay at magiging maligaya tayo dahil dito. ■

# **Bumisita ang mga** General Authority sa Pilipinas

**NAGA CITY**

Pagkatapos ng mga pulong sa Legazpi City, si Elder Tad R. Callister, Presidency of the Seventy ay nangulo sa pulong para sa mga young single adult sa Naga Stake Center noong gabi ng Agosto 25. Kasama ni Elder Callister si Elder Ian Ardern, Pangalawang Tagapayo sa Area Presidency, at ang kanilang asawa.

Ang mga young single adult na dumalo sa pulong ay mula sa Naga, Goa at Daet stake, at Iriga at Pamplona district. Sinimulan ni Elder Callister ang kanyang mensahe sa pagsasalita tungkol sa pagsisisi, kung paanong hindi lamang ito pagwaksi sa isang bagay nang mahabang panahon kundi pagbabago ng puso. Itinuro niya na kailangang aminin sa mga lider ng priesthood ang mga kasalanang nagawa na nagsapanganib sa katayuan ng isang miyembro sa Simbahan. Sinabi niya na kung nadarama na ng isang tao ang Espiritu, ibig sabihin nito ay napatawad na siya o kaya'y nagkakaroon ng paglilinis. Sinabi niya sa mga single adult na kailangang-kailangan ng Simbahan ang mga misyonerong mas nakapaghanda. Itinuro niya na ang patotoo ay natatamo nang paunti-unti. Sila ay hinikayat din niya na tumulong sa pagdadala ng mga tao sa Simbahan. "Kailangan namin kayo!" ang sabi ni Elder Callister sa mga young single adult.

Nangulo rin si Elder Callister sa Naga City. Nagsalita siya tungkol sa gawaing misyonero at nagbigay ng payo sa mga magulang. Sinabi niya na may tatlong responsibilidad ang mga magulang. Una, responsibilidad nila na ihanda ang kanilang mga anak sa pagmimisyon. Ikalawa, responsibilidad nila na ihanda ang kanilang mga anak na maging malinis at dalisay upang makapasok sa templo. Ikatlo, pribilehiyo ng mga magulang na ihanda ang kanilang mga anak na maging mga asawang pang-selestiyal. Itinuro niya na dapat kumilos agad ang mga magulang, sa halip na magsanggalang lamang, kung gusto nilang madaig si Satanas. Inisa-isa niya ang paraan na gagawin ng mga magulang laban kay Satanas sa kanilang mga tahanan. Ang isa ay gawing espirituwal na pananggalang ang panalangin sa tahanan. Pinayuhan niya ang mga magulang na lumuhod at manalangin kasama ang kanilang mga anak hanggang sa makaya na nila itong gawin, manalangin na makamtan ang walang hanggang pagpapala, at ituro sa kanilang mga anak na sinasagot ang mga panalangin. Ang isa pa ay ang kahalagahan ng espirituwal na pagpapakabusog sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan na nagbibigay ng lakas na madaig ang masama. "Basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw," ang payo niya. Binigyang-diin din niya ang pag-aayuno at ang kahalagahan ng pagtanggap ng patriarchal blessing. Ayon sa kanya, dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang bisa ng pag-aayuno at ihanda ang kanilang mga anak na tumanggap ng patriarchal blessing.



Litrato ipinagkaaloob ng Naga Philippines Stake

*Hinikayat ni Elder Callister ang mga miyembro ng ward na manampalataya sa Diyos at magpakabusog sa mga salita ni Cristo sapagkat sasabihin ng mga ito sa kanila ang lahat ng dapat nilang gawin sa panahong kailangan nilang magpasya.*

**BUTUAN**

Maagang nagtipon ang mga Banal sa stake center at hinintay ang pagdating ni Elder Callister at ng kanyang asawa. Nakangiting binati nila sila habang kinakamayan nina Elder at Sister Callister ang mga miyembro. Sinimulan niya ang kanyang mensahe sa pagbibigay ng mga halimbawa ng mga dakilang kalalakihan na may pananampalataya sa mga banal na kasulatan. Tulad ni Moises na inakay ang mga Israelita patungo sa Lupang Pangako, na may hindi natitinag na pananampalataya na pamunuan sila sa kabila ng mahirap nilang kalagayan noon.

Ipinahayag ni Didi O. Magallanes, ng Butuan Third Ward kung paano napalakas ang kanyang patotoo nang marinig ang mensahe ni Elder Callister tungkol sa mga dakilang kalalakihan na may pananampalataya, "Alam ko na hindi sapat ang magkaroon lamang ng hindi natitinag na pananampalataya sa Panginoon. Kailangang kumilos ang mga miyembro at gawin ang kanilang bahagi at palalakasin ng Diyos ang ating pananampalataya. Kapag tayo ay sinusubukan kung susundin ba natin o hindi ang kagustuhan ng Diyos para sa atin, huwag mangatwiran, manampalataya lamang sa Kanya at sundin ang Kanyang mga utos. Huwag na huwag pakinggan ang mga katwiran ng mundo. At ito ang isang kaisipan na tumimo sa aking puso."

Hinikayat ni Elder Callister ang mga miyembro ng ward na manampalataya sa



Litrato ipinagkaaloob ng Lipa Philippines Stake

*Sa simula ay binati ni Bishop Dean M. Davies ang kongregasyon at ipinaabot ang pagmamahal ni Pangulong Thomas S. Monson at ng kanyang mga tagapayo.*

Diyos at magpakabusog sa mga salita ni Cristo sapagkat sasabihin ng mga ito sa kanila ang lahat ng dapat nilang gawin sa panahong kailangan nilang magpasya. Hayagan siyang nangusap sa mga kabataang lalaki na walang dahilan, walang katwiran para hindi magmisyon. Hinikayat din niya ang mga magulang na huwag sumuko sa pagtuturo sa kanilang mga anak ng kabutihan, at binigyang-diin ang tungkol sa pagbabayad ng buong ikapu at kasigasigan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Inihalintulad niya ito sa pagnanais na regular na kumain sa araw-araw.

Si Greg Gregorio, ng Butuan Second Ward ay nagpasalamat sa mensahe ni Elder Callister, "Hinikayat niya ako na lalo pang maging tapat at masunurin sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, maging tapat sa pagbabayad ng ikapu at maisapuso na kailangan ang pagpunta at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo. Ang lahat ng bagay na ito ay para sa ating kadakilaan. Nagpapasalamat ako sa pagbisita niya."

Nanawagan din si Sister Callister sa mga magulang na huwag pabayaan ang tungkulin nila sa kanilang mga anak. Sabi niya, "Ang ating pamilya, ang ating mga anak ang ating kayamanan. Sila ang kinabukasan ng simbahan. Ang responsibilidad ng mga magulang ay turuan silang manalangin, magbasa at pag-aralan ang mga banal na kasulatan." Hinikayat din niya ang mga magulang na pag-isipang mabuti ang tanong na: "Paano ko mahihikayat ang maliliit na bata na manalangin, ipamuhay ang ebanghelyo, magmisyon, magbayad ng ikapu at magpakasal sa templo?"

"Bilang ama responsibilidad kong maglaan para sa aking sariling pamilya sa temporal at espirituwal. Kung mahalagang pakainin ang aming pamilya nang tatlong beses sa isang araw, gayon din ang espirituwal na pagpapakain sa kanila. Mapalad ako sa araw ng Sabbath na ito na narinig ko ang mga salitang ito na nagbibigay-inspirasyon," sabi ni Roger M. Solis, Butuan First Ward.

## BATANGAS

Noong Agosto 26, 2012, bumisita si Bishop Dean M. Davies, Second Counselor sa Presiding Bishopric kasama ang kanyang asawa na si Darla James Davies, si Todd Tapp, area director for temporal affairs at asawang si Pauleen, sa Lipa Philippines Stake. Mga 800 miyembro mula sa 12 ward at branch ang nagtipon sa stake center para sa dumalo sa espesyal na pulong.

Sa simula ay binati niya ang kongregasyon at ipinaabot ang pagmamahal ni Pangulong Thomas S. Monson at ng kanyang mga tagapayo. Pagkatapos tinalakay niya ang kanyang mga tungkulin bilang counselor sa Presiding Bishopric. Sila ay itinuturing na mga General Authority, na bawat isa ay may katungkulang bishop, naglilingkod sa kanilang katungkulan sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan ng Simbahan.

Ipinaliwanag niya na responsibilidad nila ang gawaing temporal ng Simbahan. Kabilang dito ang pananalapi tulad ng pagtanggap; pamamahagi; at pagbibilang at pagtatala ng mga ikapu, handog-ayuno, at kontribusyon ng mga miyembro; pangangasiwa ng mga programa upang tulungan ang mga maralita at nangangailangan. Kabilang din dito ang pagpaplano, pagtatayo, at pagmementena ng mga templo at chapel; mga audit, mga baptism at membership record.

Bukod pa rito, nag-anyaya siya ng piling mga miyembro mula sa relief society, priesthood, youth at return missionary upang magbahagi ng kanilang patotoo.

Si David Guro, isang magsasaka at tatlong taon nang miyembro mula sa Darasa ward, ay nagbahagi ng kanyang patotoo. Sinabi niya na ang kahirapan niya ay hindi hadlang sa kanyang pagsisimba. Naniniwala siya na nakatulong ang mga pagsubok na mapalakas ang kanyang pananampalataya at manatiling tapat sa Panginoon.

Pinayuhan ni Bishop Davies ang mga naroroon na mahalin ang kanilang asawa. Sinabi niya na dapat pasalamatan ng mag-asawa ang isa't isa sa araw-araw. Manalangin nang magkasama. Ipinaalala niya sa kongregasyon na kumikilos tayo bilang mga kinatawan ni Jesucristo.

"Sa buhay-mag-asawa nakagagawa pa rin tayo ng pagkakamali, pero tandaan natin na ang kasal sa templo ay walang hanggan. Kung hindi pa kayo nakakapasok sa templo at hindi pa natatanggap ang inyong mga pangako at tipan—humayo at ihanda ang inyong sarili." Hinikayat din niya ang lahat na magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw dahil ang liwanag ng ebanghelyo ay nakikita sa ating kaanyuan.

Sa huli, nagbigay siya ng basbas sa mga naroon na kung patuloy silang magiging masunurin at tapat, pagpapalain ang kanilang buhay. Sinabi rin niya sa kanila na maging mabait sa maliliit na bata dahil sila ang mga lider ng Simbahan sa hinaharap. Tinapos niya ang kanyang mensahe sa patotoo na ang Diyos ay buhay. ■

# TOP 10 LDS 2013 NA MGA NEW YEAR'S RESOLUTIONS

*Ni Ma. Teresa C. Pangilinan*

Bago sumapit ang Bagong Taon gumagawa tayo ng mga pangako na iniisip nating makapagpapabago sa ating buhay. Umaasa tayong maghahatid ng pagbabago, tagumpay at kabiguan ang bagong taon.

May espirituwal na katumbas ang kaugaliang ito, na gustong ibahagi ng mga miyembro para sa taong 2013.

**Tinipon ko ang mga sagot ng mga miyembro, na iba't iba ang edad, tungkol sa kanilang mga New Year resolution upang pag-igihin pa ang kanilang buhay espirituwal:**

### 1. HINDI NA PAHUHULI SA SAKRAMENT MITING.

"Mahirap tanggapin na hirap akong mag-budget ng oras ko. Gabi na akong dumarating sa bahay mula sa trabaho at hindi ko ginagamit ang mga araw ng Sabado para maghanda para sa mga miting sa araw ng Linggo. Iyan kadalasan ang dahilan kaya hindi ako nakikibahagi sa sakramento at hindi napapasaakin ang matamis na diwang hatid nito.

Sa taong ito hindi na ako mahuhuli sa sakrament miting. Maghahanda na ako kaagad bago sumapit ang espesyal na araw na iyon para makapagnilay at makapagpokus ako sa oras ng sakrament miting.

**Hindi nagpakilala**

### 2. MAGPAKASAL SA LOOB NG TIPAN

Lampas 30 na ang edad ko at inaamin kong naantala ko ang posibilidad na magkaroon ng makakasama sa walang-hanggan. Naging abala ako sa aking propesyon. Simula sa Enero 1, 2013 lalo kong sisikaping makahanap ng miyembro ng Simbahan na makakasama ko at magiging karapat-dapat ako sa paggawa ng mas matataas na tipan sa templo.

**Janice M. Liska**
*Narra Philippines District*

### 3. PALAGING MAGBABAHAGI NG PATOTOO.

"Ang New Year's resolution ko ay ibabahagi ko ang aking patotoo buwan-buwan. Utang ko ang kalakasan at inspirasyong nasa akin sa patotoo ng iba pang mga miyembro. Alam ko na kapag ginawa ko rin iyon magiging kalakasan at inspirasyon din ako sa iba. May binanggit si Pangulong Thomas S. Monson na gustung-gusto ko talaga, sabi nito "Tungkol sa patotoo ng isang tao, tandaan na ang bagay na handa niyang ibahagi ay mananatili sa kanya, samantalang ang bagay na ipinagdadamot niya ay mawawala sa kanya" (quoted in *Preach My Gospel: A Guide to Missionary Service* [2004], 198). Patatagin natin ang isa't isa sa pagbabagi ng ating patotoo."



**Darlene Mae Caporal-Panti**
*Las Piñas Philippines Stake*

### 4. MANATILING TAPAT SA WALANG-HANGGANG PANGAKONG GINAWA SA LOOB NG TEMPLO.

"Ang New Year's resolution ko ay maging lalong tapat sa Panginoon gayundin sa aking kasama sa walang-hanggan. Sa mundong ito na puno ng mga hamon puwede kang hilahin pababa ng mga tao. Maaaring ipadama sa iyo ng mga tao na hindi ka mahalaga. Lalong lumalaganap ang kawalan ng pananampalataya at mas maraming pagsasama ng mga mag-asawa ang nasisira. Kung mananatili tayong tapat at babaling sa Panginoon, hindi tayo madadaig ng anumang tukso kahit sa pinakamahihirap na sandali ng buhay. Hindi makapananaig sa ating puso't isipan ang kapangyarihan ng kadiliman, para sirain ang napakagandang plano ng Diyos para sa ating lahat. Dahil sa magiliw na awa ng Diyos ang mga kahinaan ay magiging ating kalakasan. Dahil dito, nawa lalo tayong maging tapat sa bawat araw ng ating buhay upang palaging mapasaatin ang kapangyarihan ng Panginoon para ipaalala sa atin ang mga bagay na ukol sa walang-hanggan at napakahalaga."

**Delia Malou Pajo**
*Cagayan De Oro Philippines West Stake*

### 5. BUMISITA NANG MADALAS SA TEMPLO.



"Ang New Year's resolution ko sa taong 2013 ay maging lalong tapat sa aking tungkulin bilang temple ordinance worker. Gagawin ko ito sa pamamagitan ng maagang pagpunta sa templo, 10 minuto bago magsimula ang aking duty at pagkumpleto sa anim na



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Simula sa Enero 1, 2013 lalo kong sisikaping makahanap ng miyembro ng Simbahan na makakasama ko at magiging karapat-dapat ako sa paggawa ng mas matataas na tipan sa templo.*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Susundin ko ang lahat ng bilin ng temple presidency para maging katanggap-tanggap sa Panginoon ang aking serbisyo sa templo.*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Ang tunay na pakinabang ng pagiging maayos ay ang makapagpopokus ka sa pagsasagawa ng pinakamahalaga mong mga mithiin.*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Ito ay upang matuon ang isipan ko sa mga bagay na mahalaga sa kawalang-hanggan habang nasisiyahan sa buhay dito sa lupa."*

oras kong duty. Hindi ko papansinin ang anumang aktibidad na magiging sagabal sa pagtupad ko sa aking tungkulin sa templo. Maaga akong matutulog para maaga akong magising at makarating sa takdang oras sa templo. Susundin ko ang lahat ng bilin ng temple presidency para maging katanggap-tanggap sa Panginoon ang aking serbisyo sa templo. Alam kong nakipagtipan ako sa Panginoon na paglilingkuran ko Siya at ang mga patron para matanggap ko nang lubusan ang mga pagpapalang dulot ng serbisyo sa templo. Nakadarama ako ng kagalakan kapag naglilingkod ako sa templo."

**Jose Manarin**
*Marikina Philippines Stake*

### 6. BABALIK SA SIMBAHAN.

"Naging mahirap ang buhay ng aming pamilya. Unti-unti kaming naging hindi aktibo. Natagpuan na lamang naming mag-asawa ang aming sarili na hindi nagsisimba at nagtatrabaho sa araw ng Sabbath. Hindi tumigil ang mga anak namin sa pag-iimbita at pagpapaaktibo sa amin ngunit napakalakas ng tukso. Hinikayat din kami ng aming mga apo. Hindi kami pumalya sa pagdarasal o pag-aaral ng mga banal na kasulatan pero nadama naming may kulang sa aming buhay.

Upang mapunan ang kakulangang iyon, magsisimba na kaming muli kasama ng aming pamilya, dahil alam naming lalo lang magiging mahirap ang buhay kung hindi kami dadalo sa mga miting sa araw ng Linggo."

**Evangelina P. Canadalla**
*Naic Philippines District*

### 7. SUSUNDIN ANG WORD OF WISDOM

"Ang New Year's Resolution ko ay sundin ang payo na nasa Doktrina at mga Tipan 88:124, na nagsasabing: "magpahinga sa iyong higaan nang maaga [at] gumising nang maaga, upang ang inyong mga katawan at inyong mga isip ay mabigyang-lakas." Maraming taon na akong hindi nagkakaroon ng sapat na oras ng pagtulog. Alam kong bahagi ito ng Word of Wisdom at kasalanan ko na matagal ko na itong hindi nasusunod. Kailangan kong panatilihing malusog ang aking espiritu, isip, at katawan sa pamamagitan ng pagtiyak na sapat ang pagtulog ko sa gabi.

Sa napakaabala kong iskedyul sa trabaho, tungkulin, at mga responsibilidad sa pamilya, alam kong makapagtatrabaho akong mabuti araw-araw kung sapat ang oras ng tulog ko."

**Ana Marie Z.C. Karganilla**
*Dagupan Philippines Stake*

### 8. MAGING MAS MAAYOS



"Kailangan kong maging mas maayos at simulan ito sa paglilinis at pag-aalis sa aming bahay ng mga kalat at bagay na hindi nagamit sa nakaraang dalawang taon. Mababawasan nito ang stress sa paghahanap ng mga bagay at pagkahanap sa mga ito kalaunan kapag hindi na ito kailangan o hindi na ito magagamit pa.

Sa huli, ang tunay na pakinabang ng pagiging maayos ay ang makapagpopokus ka sa pagsasagawa ng pinakamahalaga mong mga mithiin."

**Jess Batoon**
*Dasmarinas Philippines Stake*

### 9. BASAHIN AT PAGNILAYAN ANG MGA BANAL NA KASULATAN SA ARAW-ARAW.

"Gusto kong simulan nang tama ang taon sa pag-uukol ng 10 minuto sa umaga para pagnilayan ang mga banal na kasulatan matapos itong basahin. Ito ay upang matuon ang isipan ko sa mga bagay na mahalaga sa kawalang-hanggan habang nasisiyahan sa buhay dito sa lupa."



**Jocelyn R. Cabanting**
*Taytay Philippines Stake*

### 10. PAGPIPITAGAN

"Nangangako ako na magiging mas mapitagan ako sa sakrament miting. Lagi itong ipinaaalala ng aming inay sa akin at sa ate ko. Palagi ko itong ipagdarasal at pakikinggan ang nais ipagawa sa akin ng Ama sa Langit."

**Jared Sarmiento**
*Quezon City Philippines Stake*

"At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Ano ang inyong New Year's resolution?

### PAANO AKO MAGIGING MAS MABUTING MIYEMBRO NG SIMBAHAN SA SUSUNOD NA TAON?

*Ni Roxanne Juele-Montojo*

Sa wakas, sumapit ang Bagong Taon! Umaasa ang mga banal sa buong bansa sa mabubuting bagay na mangyayari sa taong ito. Hangad nilang madaig ang kanilang mga kahinaan at ipagpatuloy ang kanilang mabubuting nakagawian. Narito ang ilan sa maraming sagot ng mga Banal sa kung paano sila magiging mas mabubuting Banal sa mga Huling Araw sa 2013:

Bilang isang ina na nagtatrabaho, napakahalaga sa akin ng bawat segundo kapag kapiling ko ang aking 22-buwan na anak na lalaki. Sa susunod na taon, titiyakin kong mapag-uukulan ko siya ng kalidad na panahon. Mas magpapasensya ako kapag malikot siya at plano kong simulang ipakilala sa kanya ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon. Sa limitadong oras ko para sa sarili ko, ilalaan ko ito sa aking tungkulin sa Young Women. Ang pagbibigay ng lahat sa abot-kaya ko sa paglilingkod sa Panginoon ay talagang nagbibigay-kasiyahan. Magiging mas mapagpasensya ako sa mga kahinaan ng asawa ko at lalo pa siyang susuportahan sa kanyang tungkulin sa branch.



**Eunice Joy Natad**
*Tagum Philippines District*

Magiging mas mabuting miyembro ako ng Simbahan sa darating na taon sa pagiging mas masaya sa paglilingkod sa Panginoon. Kapag inuukol ko ang oras ko sa pagtulong, pagpapasaya sa iba, nakikita ko na ako mismo ang nakikinabang sa mga ginawa ko. Madali lang pasayahin ang isang tao, tulad ng pagtawag sa kanya sa telepono o pagte-text, o pakikinig sa kanya na nakatutulong nang malaki. Ang ilan sa mga bagay na plano ko ring gawin ay ang aliwin ang mga nalulungkot, dalawin ang mga nalulumbay at maysakit, at tulungan ang mga nabibigatan at nangangailangan at magiliw silang pakitunguhan. Ang paggawa ng isang munting kabaitan sa isang tao araw-araw ay maghahatid ng galak sa kanilang buhay at sa akin.

**Ma. Socorro Licayan**
*Butuan Philippines Stake*

Sa susunod na taon lalo akong nangangako na: (1) magiging masunurin sa mga utos ng Ama sa Langit. Lalo kong ipamumuhay ang ebanghelyo sa bawat araw; (2) lalo akong magiging responsable sa mga ikinikilos ko at gagampanan ang aking mga responsibilidad gaya ng itinuturo sa akin ng ebanghelyo na kumilos at hindi pakilusin; (3) matalino kong gagamitin ang kalayaan kong pumili—uunahin ko ang mga bagay ukol sa walang-hanggan kaysa mga bagay na ukol sa daidig; (4) patuloy kong babalansehin ang aking sekular at espirituwal na kaalaman upang maging matatag ang pundasyon ng pananampalataya at umunlad kapwa sa temporal at espiritual upang maging mas mabuting LDS.

**Elmer Belandres**
*Butuan Philippines Stake*

Nangangako akong patuloy na maglilingkod sa Simbahan sa masigasig na pagtupad sa aking tungkulin. Isusubsob ko ang sarili ko sa pag-aaral ng banal na kasulatan at sa pagninilay sa mga salita ng Diyos lalo na ang Aklat ni Mormon. May kapangyarihan ang aklat na ito na gawing mas mabuti ang isang tao sa pagsunod sa mga tuntunin nito. Ang pagiging karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu Santo sa araw-araw kong paghahangad sa paggabay ng Panginoon ang isa rin sa mga priyoridad ko. Lalo akong magiging malapit sa aking Ama sa Langit at sa aking Tagapagligtas na si Jesucristo sa taimtim na panalangin. Sa gitna ng hirap at mga hamon sa buhay patuloy kong hahangarin ang kapanatagan at kapayapaang mula sa mga salita ng buhay na propeta at ng iba pang mga general authority.



**Ma. Jerosalyn Hinautan**
*Butuan Philippines Stake*

Ang pagiging mabuting halimbawa sa aking pamilya at sa mga taong nakapalibot sa akin ay isa sa mga mithiing kailangan kong sikaping kamtin sa darating na taon. Magagawa ito sa pagsunod sa payo ng mga lider at pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo. Sa 2013, lalo kong sisikaping regular na basahin ang mga banal na kasulatan at sa pamamagitan ng aking halimbawa ay mahikayat ang iba pang mga miyembro na magpakabusog din sa mga salita ng Diyos. Naniniwala ako na ang pinakamainam na paraan para mapagbuti ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang buhay ay sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral ng banal na kasulatan. Lalo ko pang dadalasan ang pananalangin at titiyakin na palagi kaming magdaraos ng family home evening. Alam kong ito ang pinakamainam na paraan para mapatatag ang aking pamilya. Sa trabaho, ipaaalam ko sa mga kasama ko ang mga pamantayan ko sa pamamagitan ng salita at gawa upang makita nila ang mabubuti kong gawa at luwalhatiin ang Ama na nasa langit.




**Vicente P. Domantay**
*Ozamiz Philippines District*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*Ang pagiging mabuting halimbawa sa aking pamilya at sa mga taong nakapalibot sa akin ay isa sa mga mithiing kailangan kong sikaping kamtin sa darating na taon.*



PLitrato kuha ni Edwin Redrino

*Nakatayo tayo sa mga banal na lugar kapag nananampalataya tayo sa mga bagay na kalugud-lugod sa ating Ama sa Langit at kapag sinusunod natin ang Kanyang mga utos.*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

*We should have the courage to say no to what we know would not please the Lord.*

Sa 2013, maghahanap ako ng mga pagkakataon upang patuloy na bumuti at ipamuhay ang ebanghelyo ni Cristo. Ang saloobin ko ay palagi kong itutuon sa pangakong ito.

**Edgardo B. Loquias**
*Ozamiz Philippines District*

Pangako ko sa 2013 na palalakasin ko ang aking pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; na palalakasin ko ang aking espiritu at ang aking patotoo sa ebanghelyo. Magiging mas mabait akong tao at mas magiliw na ina sa aking mga anak at apo.

**Celestina Manlupig**
*Ozamiz Philippines District*

Para masuportahan ang 2012 area goals, nag-organisa ang Ozamiz District Relief Society ng programa ng pag-aaral ng banal na kasulatan kung saan dinadalaw ng kababaihan ang iba pang mga miyembro ng Relief Society sa kanilang mga tahanan upang pag-aralan ang banal na kasulatan. Ginagawa ito tuwing Sabado ng madaling-araw. Sa susunod na taon titiyakin ko na maipagpapatuloy ang programang ito dahil ito ang paraan upang mabigyang-sigla at matulungan ang mga miyembro ng Relief Society na palakasin ang kanilang patotoo. Sa tahanan, sisikapin kong maging mabuting halimbawa sa aking pamilya.



**Enriquita Albatera**
*Ozamiz Philippines District*


Titingnan ko muna kung ano ang nangyari sa aking personal na mga mithiin sa taong 2012. Mula doon, pagbubutihin ko ang aspetong kulang sa akin at ipagpapatuloy ang mabubuting nagawa ko. Kailangang may mga mithiin ako na gagabay sa dapat kong maisagawa."



**Luis V. Tadina**
*San Fernando La Union Philippines Stake*

Para maging mas mabuting Banal sa mga Huling Araw sa darating na taon, plano kong mag-ukol ng dagdag na oras sa mga website ng Simbahan. Hihikayat din ako ng hindi bababa sa tatlong potensiyal na mga missionary na maglingkod nang full-time mission at ihahanda ko ang sarili ko na makasal sa templo.

**Joeneil Palis**
*Bacolod North Philippines Stake*



Litrato kuha ni Noel Maglaque

## PAANO TAYO MAKATATAYO SA MGA BANAL NA LUGAR?

Makatatayo tayo sa mga banal na lugar sa pamamagitan ng pagtatanggol sa alam nating tama, kahit na mag-isa lang tayo. Nakatayo tayo sa mga banal na lugar kapag nananampalataya tayo sa mga bagay na kalugud-lugod sa ating Ama sa Langit at kapag sinusunod natin ang Kanyang mga utos.

**Donna B.**
*Tabaco Philippines District*

Makatatayo tayo sa mga banal na lugar sa pamamagitan ng pagiging tapat sa ating sarili, pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo na natutuhan natin at sa pagiging mabuting halimbawa. Makatatayo tayo sa mga banal na lugar kapag nananatili tayong dalisay at malinis, kapag pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan, dumadalo sa mga miting ng Simbahan at naglilingkod sa mga nangangailangan. Bilang mga kabataang babae, tumatayo tayo sa mga banal na lugar kapag sinusunod natin ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at ginagawa ang ating Pansariling Pag-unlad.

**Maria Victoria B.**
*Tabaco Philippines District*

Simulan ang araw sa panalangin at pagbabasa ng banal na kasulatan. Gagabayan tayo ng Espiritu Santo at ipapaalala sa atin sa maghapon ang pinaninindigan natin at makagagawa tayo ng mga tamang desisyon."

**Zen Aquino**
*Fairview Philippines Stake*

Dapat magkaroon tayo ng lakas ng loob na tanggihan ang alam nating hindi ikalulugod ng Panginoon. Bago natin gawin ang mga bagay, dapat muna nating isipin kung ano ang magpapaligaya sa Kanya. At sa huli, dapat palagi nating simulan ang araw sa panalangin (hingin ang Kanyang patnubay) at simulan ito sa pagbabasa ng Kanyang mga salita (sa mga banal na kasulatan)."

**Elisabeth Basconcillo**
*Marikina Philippines Stake*